

Setyembre 21
*Araw ng Paggalang sa Nakakatanda*

# KOHO YAIZU

*Pahayagan ng Yaizu*

Setyembre 23
Araw ng Taglagas



Koho Yaizu Bersyon sa Tagalog

SEPTYEMBRE (9 月 Ku gatsu) / 2026 (令和 8 年 Reiwa 8 nen) /¥0

Yaizu City Hall (Yaizu Shiyakusho), Seksyon ng Promosyon sa Pakikipagtulungan (Kyodo Suishin-ka)
〒425-8502 Yaizu-shi Honmachi 2-16-32 Yaizu City Hall Main branch 3F TEL: 054-626-2191 https://www.city.yaizu.lg.jp

**Interpreter (*Tsuyaku*) Schedule**

【Munisipyo Main Building】 English: Lunes, Myerkules, Biyernes 9:00am~3:00pm
Tagalog/Bisaya/Portuguese: Lunes, Martes, Huwebes, Biyernes 9:00am~4:30pm
Spanish: Lunes, Myerkules~Biyernes 9:00am~4:30pm ※Walang Interpreter mula 12:00noon~1:00pm

【Oigawa Building】 Portuguese: Setyembre 3 & 17 (Una at Ikatlong Huwebes) 9:30am~11:30am/
Tagalog・Bisaya: Setyembre 10 (Ikalawang Huwebes) 9:30am~11:30am

## ■NOW ACCEPTING APPLICATIONS PARA SA MGA BATANG GUSTONG PUMASOK SA KINDERGARTEN SA APRIL 2027 *Yochien Kodomo boshu*■

### ■Pampublikong Kindergarten (Koritsu Yochien)



**【Mga kwalipikadong Mag-apply】**

◆**Otomi** Yochien / **Satsuki** Yochien
…Mga batang ipinanganak mula Abril 2,2021～Abril 1,2023.

◆**Shizuhama** Yochien / **Oigawa-Nishi** Yochien / **Oigawa-Minami** Yochien
…Mga batang ipinanganak mula **Abril 2,2021～Abril 1,2024.**

**【Paraan ng Pag-apply】** Ipamamahagi ang application form(*moshikomisho*) sa bawat kindergarten(*yochien*) simula **Setyembre 4**(Biyernes). Tatanggapin ang mga aplikasyon simula **Setyembre 11**（Biyernes）. Punan ang kinakailangang impormasyon at direktang isumite ito sa bawat Kindergarten(*yochien*) mula **9:00am hanggang 5:00pm**. (Hindi sa kasama ang Sabado, Linggo at Public Holiday)

**【Deadline ng pagpapasa ng aplikasyon】** Setyembre 30（Miyerkules）

**【Mapagtatanungan】** Nursery･Kindergarten Division(Hoiku･Yochien-ka) ☎054-626-2772

### ■Pribadong Kindergarten (Shiritsu Yochien)

**【Mga kwalipikadong Mag-apply】** Mga batang ipinanganak mula **Abril 2,2021～Abril 1,2024**

**【Paraan ng Pag-apply】** Ipamamahagi ang application form(*moshikomisho*) sa bawat kindergarten(*yochien*) simula **Setyembre 4**(Biyernes).Tatanggapin ang mga aplikasyon simula **Setyembre 11**(Biyernes).
(Para sa batang magiging 3 taong gulang mula Abril 2027～Marso 2028,mangyaring direktang magtanong sa bawat kindergarten(*yochien*))
※Para sa karagdagang detalye, magtanong po lamang.

## ■NOW ACCEPTING APPLICATIONS PARA SA MGA BATANG GUSTONG PUMASOK SA NURSERY SA APRIL 2027 *Hoiku Kodomo boshu*■



**【Mga kwalipikadong Mag-apply】** Mga batang **0~5 taong gulang** na gustong magsimulang pumasok sa **Nursery** mula **Abril 1.2027**.
※Ang mga kwalipikadong pumasok sa **Small-scale Childcare Facility** (*Shokibo hoiku Jigyosho*) at **Company-led Childcare Facility** (*Jigyosho-nai Hoiku Jogyosho*) ay ang mga batang nasa **0~2 taong gulang lamang**.

**【Panahon ng Pag-apply】** Setyembre 7, 2026（Lunes）~Oktubre 13,2026（Martes）

**【Mga Kondisyon para makapasok】** Ang mga magulang o kapamilyang nakatira kasama ng bata ay hindi kayang mag-alaga sa bata dahil sa trabaho, pagkakasakit at iba pang dahilan.

**【Paraan ng Pag-apply】** Punan ang kinakailangang impormasyon at direktang isumite ito sa Nursery･Kindergarten Division (*Hoiku/Yochien-Ka*) o sa Oigawa Citizen Service Center (*Oigawa Shimin Sabisu Senta*).
(Hindi sa kasama ang Sabado, Linggo at Public Holiday)
**※Hindi tumatanggap ng aplikasyon ang mga Nursery School.**



※Makakakuha ng application form(*moshikomisho*) sa Nursery･KindergartenDivision(*Hoiku･Yochien-Ka*) o sa Oigawa Citizen Service Center(*Oigawa Shimin Service Center*) at sa bawat Nursery School. Maaari din itong i-download sa Official Website ng Lungsod.
※Kailangang mag-apply ang mga gustong pumasok sa Nursery. At mga kasalukuyang naghihintay ng bakanteng puwesto, kailangan pa ring mag-apply.
※Para sa mga batang kasalukuyang pumapasok na sa Nursery, magkahiwalay na mabibigyan ng abiso tungkol sa aplikasyon ng pagpapatuloy.

**【Mapagtatanungan】** Nursery/Kindergarten Division(*Hoiku･Yochien-ka*) ☎054-626-2772

## ■Health Check-up ng mga Papasok ng Elementarya *Shogakko ni nyugaku surutame no kenkoshindan*■

Ang mga **batang magiging Grade 1** na mag-aaral sa elementarya sa pasukan mula sa **Abril 2027**(Mga ipinanganak mula Abril 2,2020 hanggang Abril 1,2021) ay kailangang sumailalim sa **Health Check-up** ( *Kenko Shindan*) sa bawat Elementary School sa itinakdang araw mula **Oktubre hanggang Nobyembre**.Papadalhan ng abiso ang mga batang kwalipikado nito,
Para sa schedule at iba pang detalye,mangyaring magtanong sa **School Education Division** (*Gakko Kyoiku-Ka*)



**【Mga Dadalhin】**

① **Notification** (*Tsuchi*) ※Abiso na naka-postcard(hagaki),punan din ang kailangang impormasyon,
② **Indoor Shoes** (*Uwabaki*),
③ **Residence Card ng Bata at ng Magulang**(*kodomo to hogosha no zairyu kado*),
④ **Health Handbook ng Mag-ina** (*boshi techo*)

**【Mga Dapat Tandaan】**

・Pagsuotin ang bata ng damit na kaya niyang maisuot at mahubad ng mag-isa. Sumama din dapat ang magulang o guardian.
・Kung hindi makakapunta sa Health Check-up sa itinakdang araw, kumonsulta agad sa School Education Division(*Gakko Kyoiku-Ka*)

**【Mapagtatanungan】**School Education Division(Gakko Kyoiku-Ka) ☎054-625-8160

## ■Ipapadala ang Bagong Sertipiko ng Benipisyo sa Gastusing Medikal ng Bata *Atarashii kodomo iryohi jukyushasho*■

Mula **Oktubre 1**(Huwebes),magkakaroon ng bagong sertipiko ng benipisyo sa gastusing medical ng Bata(*kodomo iryohi jyukasho*).
Ipapadala sa mga kwalipikadong bata ang bagong sertipiko(kulay asul) bago **mag-setyembre 30**.
Maaari na itong gamitin simula Oktubre.
<u>Pagsapit ng Oktubre ay hindi na pwedeng gamitin ang lumang sertipiko(kulay purple)</u>,
gupitin ito ng maliliit at itapon na ito sa bahay o ilagay sa collection box(kaishu bako)
na makikita sa Child-Rearing Support Division (Kosodate Shien-Ka), Oigawa Citizen's Service Center (Oigawa Shimin Sabisu Senta), Municipal Hospital(Shiritsu Byoin),
O sa Health Center (Hoken Senta).




←ang bagong sertipiko (kulay asul)

**【Mga papadalhan 】**Mga Magulang o Guardian ng **0~18 taong gulang na bata**
(Hanggang Marso 31 ng fiscal year, kung kailan naging 18 taong gulang).
Kung mawawala ang elihibilidad dahil sa pagkakaroon ng trabaho o pag-aasawa ay mangyaring makipag-ugnayan kinauukulang tanggapan.

**【Mapagtatanungan】**Seksyon para sa Suporta sa Pag-aalaga at Pagpapalaki ng Bata
(Kosodate Shien-Ka) ☎054-626-1137

## ■Yaizu City Shake-Out Drill *Yaizu-shi sheiku auto kunren*■

Ang **Shake-Out Drill** (*sheiku auto kunren*) ay pagsasanay ng 3 kilos na dapat gawin upang maprotektahan ang sarili kapag may lindol.
**3 kilos na dapat gawin**・・ **1. Yumuko** at Ibaba ang Katawan | **2. Magkubli** upang protektahan ang ulo | **3. Kumapit** at manatili sa puwesto

**【Petsa (Araw)・Oras】** Setyembre 30 (Miyerkules) 10:00am




**【Nilalaman ng Drill】**Magpapatunog ng Siren sa lahat ng lugar na sakop ng Yaizu City.Habang tumutunog ang Siren,gawin ang tatlong kilos na dapat gawin upang protektahan ang sarili mula sa lingol.

**【Mapagtatanungan】**Community Disaster Prevention Division(Chiki Bosai-Ka) ☎054-623-2554

## ■Nagbago ang Email Address ng Yaizu Disaster Prevention Mail *Yaizu-shi Bosai meiru no adoresu*■

Simula **Agosto 2026**, nagbago na ang email address ng Yaizu Disaster Prevention Mail (*Yaizu Bosai Mail*)
Ang mga nakarehistro na ay kailangan i-check ang kanilang settings upang matiyak na makakatanggap pa rin sila ng email.
Sa mga hindi pa nakapagparehistro, hinihikayat naming kayong magparehistro.
Makakatanggap kayo ng impormasyon tungkol sa sakuna at iba pa, mga impormasyong makakatulong sa pang-araw-araw na buhay.Maaari din pumili ng **Japanese**, **English** at **Portuguese**.

Bagong Email-Address
yaizu@sg-p.jp



◆Ang **Yaizu Disaster Prevention Mail** (*Yaizu Bosai Mail*) ay nagpapadala sa email ng impormasyon tungkol sa mga sakuna tulad ng lindol at ng mga impormasyong ibino-broadcast sa disaster prevention radio (bosai gyosei musen)
※Maaari ring makita sa **Official Line Account ng Yaizu City** ang mga impormasyon galing sa **Yaizu Disaster Prevention Mail** (*Yaizu Bosai Mail*).Para karagdagang detalye, magtanong po lamang.

I-scan dito para sa detalye

**【Mapagtatanungan】**Disaster Prevention Policy Division(Bosai Seisaku-Ka) ☎054-625-0128

## ■Tungkol sa Pagkuha ng Income/Residence Tax Certificate *Shotoku/Juminzei kazeishomeisho no hakko*■

Upang makakuha ng **Income/Resident Tax (Non-Taxable) Certificate** (*Shotoku/Juminzei(Hikazei) )Shomeisho*),
Maaaring kailanganin munang mag-file ng **income declaration** (*Shotoku no shinkoku*).
May pagkakataong hindi makakakuha ng sertipiko sa mismong araw ng pag-file ng income declaration.
Hinihikaya't po namin kayong asikasuhin ito ng maaga. Para sa karagdagang detalye, magtanong po lamang.
para sa detalye : https://www.city.yaizu.lg.jp/life/tax/municipal-tax/shomeisho.html

I-scan dito para sa detalye

**【Mapagtatanungan】** Taxation Division (Kazei-Ka) ☎054-626-2149

## ■Pagbabayad ng City Tax *Shizei no nofu*■

Mangyaring bayaran ang pang-3rd term ng National health Insurance Tax (kominkenko hoken zei) bago mag-**Oktubre 5(Lunes)**. Pwede itong bayaran sa Bangko,Convenience Store、smartphone pay app at iba pa.

Para sa detalye：https://www.city.yaizu.lg.jp/life/tax/payment/payment/index.html

**【Mapagtatanungan】**Tax Payment Collection Division(Nozei sokushin-Ka) ☎054-626-2147

I-scan dito para sa detalye

## ■Public Vocational Training sa Caregiving para sa mga Long-term Residents■

*kaigo shokugyo kunren*

Ang "**Caregiving (*Kaigo*)**" ay trabahong tumutulong sa matatanda at sa mga taong nahihirapang igalawa ang kanilang katawan. Ang pag-aaral sa training na ito ay makatutulong sa pagtatrabaho sa caregiving(kaigo).

- **Makakapag-aral ng Japanese(*Nihongo*) na ginagamit sa trabaho sa caregiving.**
- **Makakakuha ng kwalipikasyon (*shikaku*) na kailangan sa trabaho sa caregiving.**
- **Makakatanggap ng tulong sa paghahanap ng trabaho.**

**【Panahon ng Training】** **Disyembre 3,2026**(Huwebes)～**Marso 2,2027**(Martes) Lunes～Biyernes 9:30am～4:30pm
(Walang pasok tuwing **Sabado,Linggo,Public Holiday** at **Disyembre 26**(Sabado)～**Enero 3,2027**(Linggo))

**【Lokasyon】** Shizuoka Labor Administration Hall(Shizuoka Rosei Kaikan) 5th floor
(Shizuoka-shi Aoi-ku Kuroganecho 5-1)



**【Mga kwalipikadong tao】** Mga Long-term resident na nakatira sa **Shizuoka Prefecture** at marunong bumasa at sumulat ng **Hiragana at Katakana**.
**※Para malaman kung kwalipikado ka,mangyaring magtanong sa Hello Work.**

**【Bayad sa Training】**￥0 （May bayad na **￥7,326** para sa textbook）

**【Paraan ng Pag-apply】**Mag-apply sa **Hello Work Yaizu** (ハローワーク焼津) mula sa **Setyembre 15**（Martes）～**Nobyembre 10**(Martes) ☎054-628-5155

← **【Junior Collage of Technology WEBSITE】**

**【Mapagtatanungan】** Shizuoka Prefectural College of Technology Shizuoka Campus *(Shizuoka Kenritsu Koka Tanki Daigakko)*
(Shizuoka-shi Shimizu-ku Kusunoki 160)
**☎054-345-3098 Mail**: koutan_syakaijin@pref.shizuoka.lg.jp **Person in charge** : Inaba

## ■Bababa mula 60 km/h patungong 30 km/h ang Legal Speed Limit ng sasakyan sa makikitid na kalsada

*Semai doro deno jidosha no hotei sokudo 60 km/h kara 30 km/h ni sagarimasu* ■

Simula **Setyembre 1, 2026**, bababa ang legal speed limit kapag nagmamaneho ng sasakyan sa makikitid na kalsada at kalsadang maraming bahay(residential area), paaralan at iba pang lugar.Para sa kaligtasan,magmaneho po tayo ng mas mabagal.

※ "**Legal Speed Limit (Hotei Sokudo)**": ito ang pinakamataas na bilis na pinapayagan para sa mga sasakyan sa kalsadang iyon.
Para sa karagdagang detalye, magtanong po lamang.

**【Mapagtatanungan】**Community Safety Division(Kurashi Anzen-Ka)
☎ 054-626-1131



Website ng Shizuoka Prefectural Police




## ■ Paalala ng pansamantalang paghinto ng pagkuha ng sertipiko sa Convenience Store

*shomeisho konbini kofu ichiji teishi* ■

Sa <**Setyembre 15,2026** (Martes)at **Setyembre 16, 2026** (Miyerkules)>, hindi makakakuha ng mga sertipiko sa convenience store dahil sa maintenance.

**【Mapagtatanungan】**Citizen's Division (Shimin-Ka) ☎054-626-1116

## ■ Paalala ng pansamantalang paghinto ng eLTAX Service *eLTAX sabisu teishi* ■

Mula <**Setyembre 19, 2026** (Sabado)hanggang 8:30am ng **Setyembre 24** (Huwebes)>ay hindi maaaring gamitin ang **eL-QR** para magbayad.

**【Mapagtatanungan】**Tax Payment Collection Division (Nozei Sokushin-Ka) ☎054-626-2147

## ■LIBRENG KONSULTASYON *Muryo sodan*■ May pagkakataong biglaang walang serbisyo.

| Nilalaman ng Konsultasyon | Petsa(Araw) at Oras | Mapagtatanungan | Mga Detalye |
|---|---|---|---|
| Konsultasyon tungkol sa pagbabayad ng buwis【Setyembre】 | 【Lunes～Biyernes】<br>8:30am～12:00noon, 1:00pm～4:30pm<br>【Gabi ng Huwebes】←Walang interpreter<br>Setyembre 3, 10, 17, at 24 5:15pm～7:00pm<br>【Linggong Konsultasyon】<br>Setyembre 27 9:00am～12:00noon | Tax Payment Collection Division (Nozeisokushin-ka)<br>☎054-626-1140<br>☎054-626-2148 | Kung hindi kayang mabayaran ang buwis bago ang deadline, puntahan para sa konsultasyon.<br>※May interpreter Tagalog, Bisaya, English, at Portuguese tuwing linggo. |
| VISA | Lunes～Biyernes<br>8:30am～5:15pm | Sentro ng impormasyon para sa mga dayuhang residente (Nagoya) ☎ 0570-013904 | Mga proseso para sa pagpasok sa bansa at Visa (English, Korean, Chinese, Spanish at iba pa) |

## ■Mga Iskedyul ng Ospital at Botika na bukas tuwing Linggo at Public Holiday(Setyembre)■

【Oras: **8:30am-5:00pm** (Ang may markang ☆ ay **9:00am~5:00pm**) Ang Dentista ay **9:00am-3:00pm**】

### 【Setyembre 6 (Linggo)】

NAI-KA(Internal Medicine)/SHONI-KA(Pediatrics) Ashida clinic (Yosoji1) ☎623-5656 GE-KA(Surgery/EM) Kanai seikeigeka (Omura 2) ☎621-1211 JIBI-KA (Otolaryngology/ENT) ☆ Mori jibi inkoka☆(Fujieda-shi osu 1) ☎635-8687 SHI-KA(Dentistry) Kawamura shika clinic (Munadaka) ☎622-8141 YAKKYOKU(Pharmacy) Yukari yakkyoku (Omura 2) ☎626-5000

### 【Setyembre 13 (Linggo)】

NAI-KA(Internal Medicine) SHONI-KA(Pediatrics) Nakayama clinic (Shimooda) ☎623-0090 NAI-KA(Internal Medicine) GE-KA(Surgery/EM)/SANFUJIN-KA(Obgyn)JIBI-KA (Otolaryngology/ENT) GAN-KA(Ophthalmology) Okamoto ishii byoin (Kogawashinmachi 5) ☎627-5585 SHI-KA(Dentistry) Takatsuka shika iin(Ojima) ☎623-4118 YAKKYOKU(Pharmacy) Yunisumairu yakkyoku Ishizu-ten(Ishizuminatocho) ☎623-9311

### 【Setyembre 20 (Linggo)】

NAI-KA(Internal Medicine) Itaya clinic (Kohiji) ☎621-5200 NAI-KA(Internal Medicine SHONI-KA(Pediatrics) Takii clinic☆(Aikawa) ☎622-8525 SHONI-KA(Pediatrics) Yamamoto shonika (Ishizu2) ☎656-0100 GE-KA(Surgery/EM) Taniguchi seikei geka iin (Koyashiki) ☎627-2020 JIBI-KA(Otolaryngology/ENT) Fujieda aoba jibi inkoka☆(Fujieda-shi suehiro1) ☎050-3033-4284 SHI-KA(Dentistry) Takatsuka shika iin(Ojima) ☎623-4118 YAKKYOKU(Pharmacy) Yotsuba yakkyoku (Ishizu2) ☎625-0005

### 【Setyembre 21 (National Holiday/Lunes)】

NAI-KA(Internal Medicine) Nagata clinic (Oyaizu) ☎631-6015 SHONI-KA(Pediatrics) Horio shonika (Nishikogawa 2) ☎626-5500 GE-KA(Surgery/EM) Koido icho clinic (Kohiji) ☎621-5100 JIBI-KA(Otolaryngology/ENT) Yaizu 6 chome jibi inkoka (Yaizu 6) ☎620-6001 SHI-KA(Dentistry) Asahi shika (Ekikita 3) ☎626-3363 YAKKYOKU(Pharmacy) Genki yakkyoku(Oyaizu) ☎620-7237, Sakura yakkyoku yaizu nishikogawa-ten (Nishikogawa 1) ☎620-8844, Kyorindo yakkyoku nishi yaizu ekikita-ten (Koyashiki) ☎621-5411, Subaru yakkyoku (Yaizu 6) ☎627-2831, Nishijima yakkyoku (Ekikita 2) ☎628-7061

### 【Setyembre 22 (Holiday/Martes)】

NAI-KA(Internal Medicine) Kodaira clinic (Kogawa) ☎621-3333 SHONI-KA(Pediatrics) Honda shonika iin (Daieicho 2) ☎628-0113 GE-KA(Surgery/EM) Shida kinen noshinkeigeka (Oyaizu) ☎620-3717 JIBI-KA(Otolaryngology/ENT) Fujieda shinryojo☆(Fujieda-shi Takasu) ☎635-8749 SHI-KA(Dentistry) Carrot clinic oda shika (Nakashinden) ☎623-6480 YAKKYOKU(Pharmacy) Clover yakkyoku (Kogawa) ☎625-9000, Melon yakkyoku (Daieicho 1) ☎629-8862, Sakura yakkyoku nishi yaizu-ten (Oyaizu) ☎621-4606

### 【Setyembre 23 ( National Holiday/Miyerkules)】

NAI-KA(Internal Medicine) Nagaoka naika (Nishikogawa 4) ☎629-3205 SHONI-KA(Pediatrics) Sone shonika (Gokahorinouchi) ☎620-8814 GE-KA(Surgery/EM) Otomi Riumachi seikeigeka (Nakashinden) ☎656-2221 SHI-KA(Dentistry) Kawamura shika clinic (Munadaka) ☎622-8141 YAKKYOKU(Pharmacy) Akagi yakkyoku satsuki-ten (Nishikogawa 4) ☎627-9230, Flower yakkyoku toyoda-ten (Gokahorinouchi) ☎639-6277, Wakakusa yakkyoku Otomi-ten (Nakashinden) ☎623-3939

### 【Setyembre 27 (Linggo)】

NAI-KA(Internal Medicine) Kawasaki clinic (Echigoshima) ☎629-4976 SHONI-KA(Pediatrics) Koido clinic (Yaizu 4) ☎627-0339 GE-KA(Surgery/EM) Hara seikei geka clinic (Oyaizu) ☎620-8772 JIBI-KA(Otolaryngology/ENT) Fujieda jibika☆(Fujieda-shi kamiyabuta) ☎648-1000 SHI-KA(Dentistry) Nao shika clinic (Honmachi 2) ☎ 620-2575 YAKKYOKU(Pharmacy) Echigoshima yakkyoku (Echigoshima) ☎631-4452, Sakura yakkyoku nishi yaizu-ten (Oyaizu) ☎621-4606, Cosmo yakkyoku (Honmachi 2) ☎621-3771

## ■Mga Ospital na bukas sa gabi *(Yakan Shinryo Iryo Kikan)*■

**Lugar:**Sentro ng Pang-emerhensiyang medikal ng Shida･Haibara(**Shida･Haibara Chiiki Kyukyu Iryo Senta**)
(Fujieda Shi Setoaraya 362-1) ☎054-644-0099 **Departamento**: NAI-KA(Internal Medicine) at SHONI-KA(Pediatrics)
**Oras**: Lunes~Biyernes : 7:30pm~10:00pm / Sabado at Linggo: 7:30pm～7:00am ng kinaumagahan) ※Sa mga sumusunod na Petsa(Araw), ang pediatrics lamang ang bukas pagkalipas ng alas-10:00 pm. **＜Setyembre 5(Sabado), 13 (Linggo), 19 ( Sabado), 27 (Linggo), Oktubre 3 (Sabado)＞Mga dadalhin**:●Kahit isa alinman sa **Mynu-insurance(Maina Hokensho)** o Sertipiko ng patunay ng kwalipikasyon (**Shikaku Kakuninsho**),●Sertipiko ng benipisyo sa gastusing medikal ng bata(**Kodomo Iryohi Jukyushasho**), Health HandBook ng Mag-ina (**Boshi Techo**) atbp.
●Handbook ng mga iniinom na Gamot(**Okusuri Techo**)